# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT


## CITY ORDINANCES

ORDINANCE No. 51

SETTING ASIDE SECTIONS 434 AND 435 IN THE CEMENTERIO DEL NORTE FOR BURIAL PURPOSES; FIXING THE PRICE PER SQUARE METER OF THE LOTS THEREIN; AND FOR OTHER PURPOSES.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. Section 434 and Section 435 are hereby set aside as burial grounds in the Cementerio del Norte.

SEC. 2. There are hereby set aside three lots to be known as Lot No. 1, Lot No. 2 and Lot No. 3, each with a dimension of 12 meters long by 12 meters wide, in Section 434 and three lots to be known as Lot No. 1, Lot No. 2 and Lot No. 3, each with a dimension of 10 meters long by 10 meters wide, in Section 435 in accordance with the plan on file in the Cemetery Office.

SEC. 3. The lots mentioned in Section 434 and in Section 435 are available for sale to the public at the price of ₱25 per square meter, payable in advance: *Provided,* That the trees which lie outside of these lots shall not be removed by the buyers of the said lots.

SEC. 4. This Ordinance shall take effect on July 9, 1943.

Done in the City of Manila this 8th day of June, 1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO
*Mayor*

KAUTUSÁNG BLG. 51

NA NAGTATADHANANG IBUKÓD ANG PANGKAT 434 AT 435 SA LIBINGAN NG HILAGÀ UPÁNG MAPAGLIBINGÁN; NAGTATAKDÂ NG HALAGÁ NG BAWA'T METRONG PARISUKÁT NG MGA LOTE NITÓ; AT SA IBÁNG LAYUNíN.

SA bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-úutos sa pamamagitan nitó na:

TUNTUNING 1. Ang Pangkat 434 at Pangkat 435, sa pamamagitan nitó, ay ibinubukód upáng magíng lupang baunang-bangkáy sa Libingan ng Hilagà.

TUNT. IKÁ-2. Sa pamamagitan nitó ay ibinubukód ang tatlóng loteng makikilala sa tawag na lote blg. 1, lote blg. 2 at lote blg. 3, na ang sukat ng bawa't isá'y 12 metrong habà at 12 metrong lapad, sa Pangkat 434 at tatlóng loteng tatawaging lote blg. 1, lote blg. 2 at lote blg. 3, na ang sukat ng bawa't isá'y 10 metrong habà at 10 metrong lapad, sa Pangkat 435, alinsunod sa planong iníingatan sa tanggapan ng Libingan.

TUN. IKÁ-3. Ang mga loteng binabanggit sa Pangkat 434 at Pangkat 435 ay maáaring ipagbilí sa madlâ sa halagáng ₱25 isáng metrong parisukát, na pagbabayaran nang páuná: *Nguni'y dapat matalastás,* Na ang mga punong-kahoy na nasa-labás ng mga loteng itó ay hindî maáalís ng bumilí ng mga násabing lote.

TUNT. IKÁ-4. Ang Kautusáng itó ay magkakabisà sa iká-9 ng Hulyo, 1943.

Inilagdâ sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng iká-8 araw ng Hunyo, 1943.

(May lagdâ) LEÓN G. GUINTO
*Alkalde*